Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7/4

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 26, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 190-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 05-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN APATNAPU'T ISANG LIBO ISANGDAAN ANIMNAPU'T PITONG PISO AT TATLUMPU'T LIMANG SENTIMOS (Php241,167.35) MULA SA KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php297,621.00 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php59,524.20), 10% SK FUND (Php29,762.10), 5% CALAMITY FUND (Php14,881.05), CASH GIFT (Php55,000.00), ADDT'L ALLOWANCE (BNS, BHW, DAY CARE WORKER)(Php5,000.00), PAGBILI NG KAGAMITANG PANGKOMUNIKASYON (Php14,000.00), PAGBILI NG PRINTER (Php10,000.00), LAND TITLE (Php10,000.00), KESONG PUTI FESTIVAL (Php10,000.00), KAGAMITAN NG BARANGAY (Php5,000.00) AT KALOOB NA TULONG PARA SA MGA INDIGENT CITIZENS (Php28,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 031-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na nagkakahalaga ng Php241,167.35 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php297,621.00 upang ilaan sa 20% Development fund (Php59,524.20); 10% SK fund (Php29,762.10); 5% Calamity fund (Php14,881.05), Cash Gift (Php55,000.00), Addt'l Allowance (BNS, BHW, Day Care) (Php5,000.00), Pagbili ng Kagamitang Pangkomunikasyon (Php14,000.00), Pagbili ng Printer (Php10,000.00), Land Title (Php10,000.00), Kesong Puti Festival (Php10,000.00), Kagamitan ng Barangay (Php5,000.00) at Kaloob na tulong para sa mga Indigent Citizens (Php28,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Jun M. Asinas at Romulo A. Elca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na nagkakahalaga ng Php241,167.35 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php297,621.00 upang ilaan sa 20% Development fund (Php59,524.20); 10% SK fund (Php29,762.10); 5% Calamity fund (Php14,881.05), Cash Gift (Php55,000.00), Addt'l Allowance (BNS, BHW, Day Care) (Php5,000.00), Pagbili ng Kagamitang Pangkomunikasyon (Php14,000.00), Pagbili ng Printer (Php10,000.00), Land Title (Php10,000.00), Kesong Puti Festival (Php10,000.00), Kagamitan ng Barangay (Php5,000.00) at Kaloob na tulong para sa mga Indigent Citizens (Php28,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan